**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

# PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
## HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO
## APRIL 6, 2022 (11:00 A.M. – 12:05 P.M.)

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga, Pilipinas, at sa lahat po ng mga Pilipino saanmang panig ng mundo. Ako po ang inyong lingkod, Usec. Rocky Ignacio. Ngayong araw ng Miyerkules, sama-sama nating busisiin ang pinakahuling balita tungkol po sa binabantayang Omicron XE na umabot na sa ilang kalapit-bansa natin, kabilang na po ang Thailand. Handa kaya ang Pilipinas sakaling umabot iyan dito sa ating bansa? At mamaya nga po mga usapin naman tungkol sa mga guro at ang face-to-face learning ay ating pag-uusapan kasama po ang Department of Education. Simulan na po natin ang talakayan dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

Bagama't masaya si Pangulong Rodrigo Duterte dahil nananatiling mababa ang COVID-19 cases sa bansa, kaniyang ipinaalala sa publiko na hindi pa rin dapat maging kampante. Ayon sa Pangulo, sa ngayon ay nais niyang panatilihin ang pagpapairal ng alert level system sa bansa, at kung sakali, plano lamang niyang alisin ang Alert Level 1 kung talagang mauubos na ang kaso ng COVID-19 sa bansa.

Kaugnay niyan ay nagbabala naman si Health Secretary Francisco Duque III laban sa natukoy na bagong mutation ng COVID-19 na XE variant na pinangangambahang mas nakakahawa kaysa sa mga naunang variants. Pero may panlaban aniya rito ang publiko, at ito ay ang mahigpit na pagsunod sa minimum public health standards.

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Para mapaigting pa ang bakunahan kontra COVID-19, ipinag-utos ni Pangulong Rodrigo Duterte ang pagpapalakas ng house-to-house vaccination lalo na sa mga malalayong lugar. Sa kaniyang Talk to the People kagabi, sinabi ng Presidente na kahit mga rebelde ay bibigyan ng bakuna ng mga awtoridad pero dapat ay hindi sila manggugulo lalo na sa healthcare workers na nagsiserbisyo para sa bayan.

Kasabay nito, iginiit naman ni Health Secretary Francisco Duque III na sana ang mga kandidato sa halalan ay tumulong sa pangangampaniya para sa malawakang pagbabakuna sa bansa. Aniya, dapat ay isabay ito sa campaign sorties.

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Alamin naman natin ang palagay ni Presidential Adviser for Entrepreneurship Secretary Joey Concepcion tungkol sa bagong binabantayan na Omicron XE at sa booster vaccination dito sa Pilipinas. Good morning po, Sir Joey?

**SEC. CONCEPCION:** Good morning, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Kung kayo po iyong tatanungin ulit, Sir Joey, papaano ba puwede daw pong ma-ramp up ng pamahalaan itong vaccination drive lalo na po itong booster shot?

**SEC. CONCEPCION:** Well, alam naman natin 'no itong 27 million na doses ay mag-i-expire sa June, July. At kinausap ko si Secretary Duque, so iyong private sector, we are going to try to really put more pressure. At nakikita natin itong mga bagong variant, itong Omicron XE, kung papasok iyan, akala natin medyo ligtas na tayo kasi medyo talagang bumabagsak itong level of infection. So a lot of our citizens ay medyo… ang kumpiyansa nila masyadong mataas na wala nang mangyayari dito.

Pero itong mga primary doses natin, alam naman natin nagwi-wane ito 'no, so by the second half of this year, iyon delikado na rin tayo. At importante dito ay iyong mga dapat kumuha ng booster, kunin na kasi may oras pa naman eh. Nasa April lang naman tayo so bandang June pa naman ang expiration ng mga bakuna na ito, puwedeng gamitin iyan pang-booster. So we have to prepare for the possible entry of itong mga bagong variants 'no. Let's not be complacent. Sayang, nandito na tayo sa magandang lugar. Halos ang economy natin ay talagang umaarangkada na at iyong mga maliliit na negosyante ay nabubuhay ulit sa mga negosyo nila. So huwag nating… let's not lose that momentum 'no kasi iyong second semester, iyon ang pinakamalakas na na next six months na mas lalong makakatulong dito sa mga maliliit na negosyante.

At dito naman sa Ukraine-Russia crisis, siyempre iyong inflation, tumataas. So huwag nating… hindi tayo puwedeng mag-lockdown ulit kasi masisira iyong negosyo. At dito sa conflict ng Ukraine at Russia, nagbibigay ulit ng bagong pressure 'no. At sabi ni Secretary Sonny Dominguez, tumaas ang utang natin. So paano natin babayaran ang mga utang natin kung iyong growth natin will start to weaken because of all of these new variants that will enter of the country because the Filipinos have not taken the boosters.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir Joey, oo nga po, nauna ninyo na nga pong binanggit dito sa panayam dati na talagang nakakabahala kung hindi tataas itong pagkakaroon natin ng booster shot at siyempre iyong lagay ng ating ekonomiya dahil hindi na natin kakayaning mag-lockdown. Pero para sa inyo po, anong klaseng groundwork pa po iyong puwede pang gawin ng mga LGU at ng national government para po makahikayat ng mga magpapabakuna?

**SEC. CONCEPCION:** Well, dito sa vaccine cards 'no, sana tingnan na natin iyong mga bakuna cards. Kinausap ko si Sec. Duque dito, they will have to implement measures to reduce mobility for those who have not been boosted. Pero sinabi ko kay Sec. Duque, huwag nating gawin kaagad; bigyan natin ng advance notice 'no. Let's say, 60 days from now, kung wala pang mga booster sila, hindi sila puwedeng pumasok dito sa mga business establishments katulad ng restaurants. Pero hindi ngayon gagawin. In other words, let's set a date na iyon ang deadline para lahat ng mga citizens natin are able to get the boosters 'no.

Kasi kung we implement it tomorrow, walang makakapasok dito sa mga restaurants kasi talagang dito sa NCR lang, 13% ang kumuha ng boosters 'no. At sa ibang lugar, mas lalong maliit lang iyan. So bigyan natin ng panahon pero bigyan natin ng deadline 'no.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir Joey, marami pong mga opisyal ng pamahalaan ang nagustuhan po iyong ideya na lagyan ng expiration date sana itong mga vaccine cards. Posible rin po kayang matuloy ito by June?

**SEC. CONCEPCION:** Well, sana. Katulad dito sa mga vaccine cards, depende sa when they took it 'no, so normally about five, six months, nagwi-wane na rin siya. So karamihan ng mga kumuha ng mga earlier primary doses, bandang June, July onward eh magwi-wane na iyan kaya kailangang tamang-tama iyong booster shots.

So ang tingin ko dito, iyong deadline dapat ng booster shot dapat gawin siguro bandang June 'no, at least pagkatapos ng eleksyon. Siyempre pagkatapos ng eleksyon, baka magkaroon tayo ng surge at itong XE. Ang daming variant na pumapasok. Dito sa Paris, tumataas uli ang mga kaso. So medyo okay rin tayo na we're at the best position right now. The Philippines has been somehow shielded, and lahat ng mga neighbors natin tumataas ang kaso. Pero we should not be overconfident. And marami diyan are saying, anyway wala namang Omicron, bagsak na ang kaso, why will I take the booster. We are protecting ourselves for the future, iyon ang importante because the waning immunity will happen with our primary doses, and that is a fact that has proven all over the world 'no.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir Joey, dapat po kayang magkaroon na rin nitong sinasabing uniform vaccination or itong booster cards sa buong bansa sakali nga pong matuloy itong proposal na ito?

**SEC. CONCEPCION:** Depending on how Secretary Duque will apply it 'no. We're suggesting that the definition of a fully vaccinated Filipino is the primary doses plus one booster shot, katulad ng Singapore 'no, iyon ang ginawa nila. So, if you only take your primary doses pero wala ka pang booster shot, you're not completely vaccinated. So, that is one thing that maybe the doctors can discuss in medical advises so that we can redefine the current definition of a fully vaccinated Filipino 'no.

Now, I think, we should push hard itong mga restricting mobility. Iyon, that will help but we have to give them ample time to take the booster. But at least we now know that 27 million vaccines are expiring and more will expire kasi hindi lang twenty-seven iyan, may mga inventory pa tayo 'no. So, talagang kung hindi nila kukuhanin ang booster, mas lalong tataas iyong number of vaccines that will be expiring. And then the next administration will wonder, 'should we buy vaccines for our citizens kung hindi naman nila kukuhanin ito?' Ilang bilyong piso ito, sayang ang pera naman natin dito.

**USEC. IGNACIO:** Sir Joey, although proposal pa lang po ito ano po, pero may ilan din po iyong nagpahayag ng disgusto sa paglalagay ng expiration date sa mga bakuna lalo na po iyong ilan sa ating mga kababayan. Ano po iyong masasabi ninyo dito?

**SEC. CONCEPCION:** Well, ang importante dito is that we have to take the boosters 'no. At right now, with the current vaccination, the primary doses, I don't know how they will implement it.

But there are many ways ‘no, either we issue new booster cards as they take their booster shots or we can use the current vaccination cards and put a sticker or something there to document that they have taken the booster shot.

Katulad sa Amerika, you use your current vaccination card and then when you take the booster they add it to the current vaccination card. Pero siguro si Sec. Duque na will know what is best for our people.

Pero iyong private sector, iyan ang kinakampanya namin ‘no, kasi we are concerned, that the threat is real. While we want to see every LGU and every city go down to Alert Level 1, we now have to be really careful, kasi we cannot allow that the booster uptake is going to be way below 10% ‘no, delikado tayo diyan.

**USEC. IGNACIO:** Sir Joey, may tanong lang po ang kasamahan natin sa media. Mula po kay Sam Medenilla ng Business Mirror: Since may presence na po ng COVID-19 XE variant sa UK and Thailand, will the private sector push for the imposition of travel restrictions coming from countries with the said variant?

**SEC. CONCEPCION:** I don’t think there’s a need for that. Ang tingin ko naman dito, if you’re fully vaccinated and boosted [you are protected]. You cannot prevent these variants from coming in ‘no, the best you can do is to prepare for it. And nakita naman natin eh, those who have the vaccination, [they already have immunity] or natural immunity, maski nahawa sila it is very mild and prevents hospitalization.

What we are watching for is baka mapuno uli ang mga ospital natin. Pero kung mataas iyong vaccination rate natin dito sa bansa especially in boosters, then the wall of immunity will not break down. What we’re scared of is, if our wall of immunity breaks down towards the second-half of the year, then we will have a problem.

So, that’s why we are calling and, especially myself, I’m really calling for the concerned here because nakikita natin that down the road, ang sabi rin ng OCTA, if we don’t maintain that wall of immunity, and Secretary Galvez has said this time and time again, then we will definitely have problems.

And sayang, we are already here at the level na everybody is doing much better and the economy is doing much better, the government will, of course, be able to collect more revenues to pay for our obligations.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir Joey, kuhanin ko na lamang po iyong mensahe ninyo para sa ating mga kababayan lalo na po iyong may agam-agam pa na magpa-booster. Go ahead po, Secretary.

**SEC. CONCEPCION:** Salamat, Usec. Rocky.

So, sa mga citizens natin, it is our duty to take the boosters, kailangan natin kuhanin na ito. Alam naman natin may mga expiring diyan bandang June/July, may oras pa naman pero kuhanin na

natin kasi nakikita natin iyong may bagong variant na XE, may mga iba diyan na baka pumasok rin dito.

We have the best level right now, maganda ang kalagayan natin in terms of the economy moving back. Maraming maliit na negosyante ang nabubuhay uli and confidence is coming back.

So, protektahan natin iyong sitwasyon natin ngayon. We are the envy of many Asian countries that we are able to really protect ourselves. So, hopefully kuhanin na natin itong mga boosters so that tuluy-tuloy tayo in the year 2022 para guminhawa lahat ng mga citizens natin dito. [If we do that then] we will have definitely a good health and a good economy.

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat po sa inyong panahon, Presidential Adviser for Entrepreneurship, Secretary Joey Concepcion. Salamat po, Sir Joey.

**SEC. CONCEPCION:** Salamat, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, dapat nga bang ikabahala ang binabantayang recombinant strain ng Omicron XE? Kaugnay niyan makakausap po natin si Infectious Diseases Expert at miyembro ng DOH Technical Advisory Group (TAG), si Dr. Edsel Salvaña.

Good morning po, Doc!

**DR. SALVAÑA:** Good morning, Usec. Rocky! Good morning sa lahat ng nanunood at nakikinig.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Ed, kumusta raw po ang pag-monitor natin dito sa bagong Omicron XE? Dahil may recorded cases na nito sa Thailand, posible po ba raw na makarating dito sa Pilipinas sooner than later?

**DR. SALVAÑA:** Itong mga recombinants, nadudulot ito kung may dalawang lineage ng COVID na nagsi-circulate sa isang komunidad. Very rarely, maaaring mahawa ang isang tao ng both lineages at the same time, lalung-lalo na iyong mga immunocompromised na matagal talaga iyong stay ng virus sa kanilang katawan. Unlike people who have good immune system dahil mabilis lang silang nagri-recover.

So, kapag naghalo iyong genetic material ng dalawang lineages na iyon, nangyayari itong recombinants. Itong tinatawag natin na XE is actually a recombinant of the BA.1 and BA.2. Iyong BA.1 and BA.2 are both sub-lineages of Omicron, so bale halo na Omicron-Omicron. Hindi ito katulad noong tinawag nilang Deltacron dati, ito iyong XD na halo ng Delta na AY.4 at iyong Omicron na Ba.1. Mayroon ding panibago na XF na halo rin ng Delta at ng BA.1.

So, itong XE, definitely madi-detect naman ng ating genome center at tuluy-tuloy naman po iyong surveillance ng Philippine Genome Center sa mga samples na nakukuha natin sa mga sentinel sites at doon sa mga nagpa-positive na incoming travelers.

And sa ngayon, mino-monitor ito ng WHO. Mukhang mayroong kaunting survival advantages, mga 10% increased transmissibility, ngunit walang ebidensiya na ito ay deadlier or nakakapag-cause ng mas severe na disease.

At sa ngayon, mukhang wala naman siyang increase in terms of breakthrough infection. Mukhang kapareho pa rin iyong response niya sa bakuna for both BA.1 and BA.2, and sa ngayon mukhang mataas pa rin naman iyong protection against severe disease ng ating mga bakuna.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Ed, may kaibahan po ba sa sintomas na nararanasan ng mga taong nahahawaan nitong Omicron XE?

**DR. SALVAÑA:** Sa ngayon, Usec. Rocky, kaunti pa lang kasi iyong cases, pero sa nakikita nila, mukhang wala namang ipinagkaiba doon sa ibang lineages ng Omicron. Iyong na-describe sa Thailand, my understanding is, mild lang iyong cases na iyon.

So, sa ngayon we are monitoring. In fact, ang XE hindi pa binabansagan na variant under monitoring or variant of concern; iyong XF hindi rin; ang XD, iyong halo ng BA.1 at AY.4 ay binansagang variant under monitoring at pinapanood ngayon ng WHO. Bagama't lahat ito ay mino-monitor po ng WHO at ng gobyerno rin natin at may capability naman tayong ma-detect ito sa ating genome sequencing.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Although sinabi na po ng DOH na epektibo pa rin po iyong mga bakunang mayroon tayo laban sa Omicron XE, pero may posibilidad naman po ba na makakaapekto ito dito sa Alert Level System na ipinatutupad natin sa bansa? Ang tanong po dito, posible bang bumalik tayo sa Alert Level 2 sakaling dumami daw po ulit iyong COVID-19 cases dito?

**DR. SALVAÑA:** Well, Usec. Rocky, may metrics naman talaga tayo for Alert Level 2, ito ay kung mataas iyong cases, iyong tinatawag na Average Daily Attack Rate or iyong ADAR; kung mataas iyong growth rate; at kung makita natin na tumaas iyong ating healthcare utilization.

Sa ngayon, iyong nakikita naman natin lalo na iyong January, noong nagkaroon tayo ng Omicron, dahil sa mataas na antas ng pagbabakuna, iyong healthcare utilization ay hindi naman mukhang mau-overwhelm.

So, kahit mayroon pa itong 10% increase na ipinapakita ng XE in terms of transmissibility as long as mataas iyong ating antas ng pagbabakuna at lalung-lalo na katulad noong sinabi ni Sec. Joey na magpa-boost ang mga tao, makakayanan po talaga ito. But it is very important that we continue to wear our layers of protection – ang ating mask, ang ating physical distancing – at kung naka-three months na po kayo from your second dose, magpa-boost po tayo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Doc. Ed, paano naman daw po masisiguro na hindi talaga ito magiging mas malala o mas delikado kaysa sa Omicron variant talaga? Kasi nga po, nauna nang sinabi ng ilang international health experts na posible daw pong ten times na nakakahawa ito. Dapat po ba tayo ay mabahala na dito?

**DR. SALVAÑA:** Wala namang ebidensiya na it's ten times more na nakakahawa. If ever it's 10% so mababa lang naman talaga iyon. At iyong spike protein nito ay kapareho noong sa BA.2 so we expect that the vaccines will work the same way as they do against BA.2. At this point, hindi rin naman tayo nakakakita na sobrang nagti-take over itong XE. In fact in most areas na nakitaan ng XE, it's still BA.2 and BA.1 ang nangunguna at sa ngayon wala pa namang ebidensiya na makaka-cause ito ng malalang spike. Maybe a little bit higher than BA.2 if ever pero 'pag mataas iyong level ng vaccination, karamihan noon ay magiging mild.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Doc Ed, may magiging difference po ba sa COVID-19 response ng bansa kung papangalanan na po ng World Health Organization itong Omicron XE bilang sub-variant ng Omicron o kaya po ay bagong variant of concern?

**DR. SALVAÑA:** Well, definitely ika-calibrate naman talaga natin 'yan. Lagi naman nating sinasabi na iyong Omicron kasi at ang SARS CoV2, ang COVID in general ay nakakapaglabas talaga ng mga ganitong klaseng sorpresa. Ngunit marami na rin tayong natutunan, alam naman natin iyong mga gamot natin more or less gagana naman 'yan at iyong bakuna natin continues pa naman iyong paggana ng mga 'to, mag-a-adjust po tayo.

Pero kaya rin tayo may alert level system ay para kung makakita tayo ng pagtaas sa number of cases at nagkakaroon ng pressure sa ating health care system, maaari naman nating itaas iyong alert level na iyon. Pero sa ngayon sa tingin po namin, sa pinapakita ng XE, mukhang kakayanin naman po natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ito, palagi na po itong tinatanong. Confident pa rin po tayo na patungo na sa endemic state ang COVID-19 dito sa Pilipinas kahit may panibagong banta raw po ng Omicron XE?

**DR. SALVAÑA:** Well sa ngayon endemic naman, hindi naman 'yan parang sasabihin mo na endemic na bukas, endemic ngayon. This is a gradual process and nakikita na naman natin iyong signs of endemicity dito, na hindi na napi-pressure iyong ating health care system, manageable na, mayroon tayong mga lunas para dito and we know how to prevent it with masks and our vaccines. So in a way nagiging endemic na siya, every single day na the cases remain low, that's a step forward toward endemicity.

But at the same time, very important na maging vigilant tayo at nandiyan naman iyong ating safeguards, huwag lang po sana talagang magsasawa ang mga tao sa paggamit ng mask at magpa-boost na po talaga sila para at least mas marami po tayong layers of protection.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero para sa inyo, ano pa po iyong puwedeng gawin ng pamahalaan para po makumbinsi ang mga kababayan natin na magpabakuna na, magpa-booster na lalo't may bago na naman po tayong binabantayan na Omicron XE? May kaugnayan po dito iyong tanong ni Lei Alviz ng GMA News: Ano daw po ang likely scenario kung mababa ang bilang ng mga nagpapa-booster?

**DR. SALVAÑA:** Yes. Kung mababa ang bilang ng magpapa-booster, maaaring mayroon talaga tayong magkaroon ng spike in the number of infections lalo na kung ito ay recombinant or

panibagong variant. So kailangan po talaga mayroon tayong ano…kumbaga insurance at ito na nga po iyong pagbu-boost natin sa mga tao lalung-lalo na doon sa vulnerable population na napag-uusapan na nga ngayon baka kailanganin pa nila ng second booster bagama't ito iyong sa 50 years or 60 years old and above at doon sa mga immunocompromised.

Sa ngayon nananatili naman na malakas ang protection ng lahat ng ating bakuna against all the variants of concern. And very, very important talaga na sundin po natin kung ano iyong sinasabi doon sa guidelines para sa pagkuha noong ating vaccines.

Sa ngayon ang issue naman talaga is fully vaccinated pa ba ang nakadalawang dose or kinakailangan may booster? Ang ginagawa po ng Estados Unidos sa CDC, ang tawag po nila sa nakadalawang dose ay 'fully vaccinated' pero ang nagkaroon ng booster, ang tinatawag nila po ay 'up-to-date'.

So siyempre sino naman ang hindi gustong maging up-to-date 'di ba? At dahil may ibig sabihin din po iyon lalung-lalo na sa mga emerging variants of concern, maaari tayong maka-expect ng mas lalong mataas na antas ng proteksiyon kung up-to-date po ang ating vaccination at kasama po dito ang booster.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Tanong pa rin po ni Lei Alviz ng GMA News: Ano daw po iyong posibleng impact ng surge sa China sa ibang bansa kabilang po ang Pilipinas?

**DR. SALVAÑA:** Well sa ngayon ang nakikita naman natin sa China, of course umaakyat iyong cases nila, mataas compared to what they usually have, pero this is not on the level of iyong nakikita natin sa South Korea or sa Vietnam. So ang China naman, malakas naman ang kanilang health care system, iba naman din iyong kanilang thrust – gusto talaga nila zero COVID. So in that sense, in a way hindi rin naman masyadong makakalabas iyong mga tao sa China sa ibang bansa sa ngayon. At alam naman natin iyong nagku-cause ng kanilang spike in infections is Omicron BA.1 and then sa Hong Kong is BA.2.

So sa ngayon, tuloy pa rin naman iyong ginagawa natin, tumatanggap naman tayo ng travelers bagama't kinakailangan na bakunado kung hindi sila Pilipino. At ang important is talaga na tuloy din po iyong paggamit natin ng mask kahit mayroon pa rin naman tayong pre-departure testing sa ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc. Ed, kami po ay nagpapasalamat sa inyong panahon – Infectious Diseases Expert at DOH Technical Advisory Group Member Dr. Edsel Salvaña. Salamat po, Doc.

**DR. SALVAÑA:** Salamat po, Usec. Rocky. Salamat po. Stay safe po tayong lahat.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, ikinatuwa naman ni Senate Committee Chair on Sports na si Senator Bong Go ang pagkakaayos ni Filipino pole vaulter EJ Obiena at ng Philippine Athletics Track and Field Association o PATAFA. Dahil dito ay nakatakda nang sumali si Obiena sa ilang international competitions ngayong taon. Ang detalye sa report na ito:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Samantala, ilang buwan na lang po at Eleksiyon 2022 na. Kabilang din sa mga naghahanda ay ang mga guro na magsisilbi bilang poll workers. Alamin po natin ang assistance na iaabot sa kanila ng Department of Education at ang iba pang mga balita tungkol naman po sa face-to-face classes at graduation.

Makakasama po natin mula sa Kagawaran ng Edukasyon sina Secretary Leonor Briones, Undersecretary Annalyn Sevilla, Undersecretary Alain Pascua at Assistant Secretary Malcolm Garma. Good morning po sa inyo.

**DEPED SEC. BRIONES:** Good morning, Usec. Rocky. Kasama ko ang aking mga Undersecretaries at Assistant Secretary para magbigay ng liwanag sa mga issues na hinaharap natin hinggil sa eleksiyon at saka iba pang mga health issues. Maraming salamat sa pagkakataon na ito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, ano pong assistance ng DepEd dito daw po sa mga teacher na nakatakdang mag-duty sa darating na eleksiyon? Ilan po daw sa DepEd teachers ang nakatakdang i-deploy?

**DEPED SEC. BRIONES:** Last year pa nag-survey na tayo sa Department of Education together with COMELEC kasi may concern nga na na-express ang Senate na baka ayaw nang sumali ng ating mga teachers kung ganoon pa rin ang lebel ng assistance na ibinibigay sa kanila. At ang lumabas sa survey, wala namang umaatras sa ating mga teachers. Ibig sabihin, siniseryoso nila iyong responsibilidad at ina-accept nila ang thrust ng ating bayan. Ang preference kasi sa mga tutulong sa ating electoral process ay para talaga sa teachers. Mayroon din sa ibang mga propesyon pero una talagang thrust nila iyong teachers. So wala namang nag-aatras.

In the meantime, nakipag-negotiate kami sa COMELEC at saka sa Department of Budget and Management na kung puwedeng madagdagan iyong allowances na binibigay sa ating mga teachers na tumutulong sa eleksiyon. Tulad halimbawa sa transportation, allowance for food and also in places kung mayroong mga security problems, kailangan may proteksiyon.

Kaya gusto kong tawagin si Usec. Alain Pascua, kasi siya ang nakikipag-usap at saka si Usec. Ann Sevilla na siya naman ang nakikipag-usap sa DBM hinggil sa dagdag na allowances para sa teachers. Pero, more than a year na kaming nag-negotiate para dito, dahil talagang deserving naman ang ating mga teachers sa suporta, hindi naman in-exchange kung hindi dahil sila ay nagsisilbi sa bayan. Thank you.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, kunin ko na lamang po [ang statement] ni Usec. Annalyn Sevilla at Usec. Alain Pascua. Magkano po daw iyong hinihinging dagdag ng DepEd para po sa allowances ng ating mga teachers na madi-deploy po ngayong halalan?

**DEPED USEC. SEVILLA:** Usec. Rocky umpisahan ko doon sa ating mga allowances or honoraria na nakalagay na sa COMELEC budget, at dito po ay may increase tayo. Kung ikukumpara natin iyong 2019 na election at iyong ngayon pong mangyayari na 2022 na

eleksiyon ay nag-isyu na po noong November 2021, ang COMELEC, para po i-announce ang increase sa mga honoraria at allowances. For example, ang Electoral Board Chairman, dating P6,000 ngayon ay P7,000 na po. Ang Electoral Board Members, kagaya ng mga poll clerks at mga third member ay P6,000 na dati pong P5,000. At iyong atin pong mga DepEd Supervising Official (DESO) ay may increase din na P5,000, dating P4,000. At iyong support staff na P3,000 na dati pong P2,000.

At ang bago po ngayon ay itong transportation allowance [para] sa lahat po ng ma-assign or sasama sa ating eleksiyon. At mamaya po, si Usec. Alain ang magbibigay ng kung ilan na po ang ating imbentaryo na mula sa DepEd ay pupunta, sasama at tutulong sa eleksiyon ay magkakaroon ng transportation allowance na P2,000 at mayroon na rin pong communication allowance na P1,500 at dagdag pa po na anti-COVID-19 allowance na P500.

So, marami po dito ang mga dagdag na allowances. At in fact, P1,000 po ang dagdag compared doon sa last na eleksiyon. At mayroon din po tayong medical at accident insurance na naka-ready para po sa mga benepisyong ito. Ulitin po natin, ito po ay pondo na nasa COMELEC at ang nagku-coordinate para po makuha ito ng tama at timely ay ang ating Election Task Force ng DepEd na pinangungunahan po ni Usec. Alain Pascua.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kung sino lang po ang maaaring sumagot, Secretary ano po. Ano daw pong hakbang ang ginagawa ng DepEd tungkol naman sa hinaing ng ilang teacher groups tungkol sa 20% tax deduction sa election service pay? May magagawa daw po ba ang DepEd tungkol dito?

**DEPED SEC. BRIONES:** Idinulog namin iyong mga grievance na iyan ng mga teachers natin. Pero ang desisyon niyan – kasi iyan ay nasa ating Internal Revenue Code, na lahat ng mga incomes, kailangan may tax – so, ang magri-recommend niyan ay ang Department of Finance, kung ano ang kanilang rekomendasyon. Pero idinulog namin iyong request na kung puwedeng gawing tax exempt itong mga increase in allowances, para ma-feel naman nila na mayroon talagang increase ng financial assistance na available para sa kanila. Siguro si Usec. Alain, makatulong sa pagsagot nito dahil sila ang nakikipag-usap sa COMELEC at saka si Usec. Ann naman ang nakikipag-usap sa DBM. Pero ako, siyempre kasama ako sa pagni-negotiate. Iyon ang posisyon namin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec. Alain, go ahead po.

**DEPED USEC. PASCUA:** Iyan pong 20% tax ay hiningi natin sa COMELEC na i-exempt ang ating mga teachers o mga poll workers serving during the national election. Agree po ang COMELEC na i-exempt ang mga teacher at ang ating mga volunteers para dito sa eleksiyon. Kaya lang po, mayroon po tayong batas, kahit nga ang BIR ay uma-agree rin sa ating layunin. Subalit may batas na kinakailangan i-amend bago ma-implement ang exemption. At iyan pong amendment sa batas ay hindi po nagawa ng Kongreso. Kaya't hanggang ngayon po ang ating honoraria at saka allowances ay hindi sila tax-exempted. But we have representation with COMELEC, with BIR and also with Congress on that matter.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, mayroon lang pong pahabol na tanong si Janice Ingente ng UNTV: Kailan daw po magsisimula ang nationwide orientation at training ng DepEd para po sa mga teachers na kasali sa election 2022? At kumusta daw po ang paghahanda ng mga guro para sa halalan?

**DEPED SEC. BRIONES:** Usec. Rocky napakagandang tanong na iyan, kasi ilang buwan na naglilibot ang team namin headed by Usec. Alain Pascua sa mga rehiyon. Nagbibigay kami ng briefing sa ating mga teachers, hindi lamang briefing kung anong mga duties nila, kung hindi ina-advise-an namin sila, very, very strongly na hindi makikisali sa mga partisan political activities. Ilang issuances na ang ginawa natin dito at saka lalo na iyong pag-involve ng mga bata sa mga public events, dahil may risk naman ito. So, ilang rehiyon na ang nabisita namin, marami-rami na rin na pinupuntahan talaga at bini-brief ang mga teachers at saka may kasama kami ring taga-COMELEC na tumutulong sa pa-explain ng ating mga regulations at expectations ng COMELEC. So, naumpisahan na iyan.

Siguro, again, Usec. Alain can say which regions have already been covered. Alam ko na halos wala na siya sa opisina, kung hindi naglilibot talaga sila, ang team nila kasama ang COMELEC.

**DEPED USEC. PASCUA:** Usec. Rocky at saka Secretary Briones. Iyon pong Election Task Force ng DepEd ay nakapag-ikot na sa iba't ibang clusters, regional clusters – sa North Luzon, Central Luzon, sa Southern Luzon, sa Visayas at saka sa Mindanao – at nai-train na at na-orient na iyong mga miyembro ng DepEd Election Task Forces doon sa kanilang magiging role sa darating na halalan. Ito ay isinagawa natin noong Marso pa, noong magsimula ang buwan ng Marso.

At ang COMELEC naman ay may panibago pa o iyong may iba pang mga orientation na ginagawa naman para sa mga teachers, who will be serving as poll workers at iyan ay nagsimula na rin sila noong Marso pa, para sa ganoon ay maabot ang lahat ng mga teacher na magsisilbi. Kasi mahigit-kumulang na 320,000 teachers ang magsisilbi bilang mga Election Board Members sa buong bansa sa darating na halalan.

Kaya iyong first phase ng consultation at saka briefing ng DepEd Election Task Forces ay naigawa na po natin. Magkakaroon po ng second phase iyan at iyong COMELEC naman ay isinasagawa na nila ang kanilang mga orientation sa iba't ibang mga areas.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary punta naman po ako sa face-to-face classes 'no. Mahigit 17,000 pong mga eskuwelahan ang na-nominate para sa face-to-face classes. Kailan po dedesisyunan ng DepEd kung ilan sa mga ito ang papayagan?

**DEPED SEC. BRIONES:** Actually, sa ating record, sa ating recount, mga 22,000 schools na ang nominated at saka araw-araw nagbabago ang mga numero, dahil dagdag na pumapasok iyong ibang mga schools. Karamihan nito ay mga public schools. Ang gusto nating maging focus ng ating kampanya ay ang mga private schools, dahil hindi pa sila naka-fully decide kung mag-face-to-face na sila for this coming academic year. So, mabilis naman ang responses, lalo na sa public schools na ang sinasabi ko ay mga 17,000 na, pero iyong nominated is 22,000. Palagay ko

maku-cover natin ito lahat, dahil pinaghahandaan talaga natin itong face-to-face classes na matagal nang ini-expect natin na magiging bahagi sa blended learning.

Gusto ko lang i-emphasize, Usec. Rocky na hindi natin gini-give up ang other means of disseminating learning, kasi sa tunay na buhay, ang ating mga bata ay hindi lamang magpi-face-to-face, kung sila ay nagtatrabaho, kung sila ay nag-aaral for further studies. But at the same time ay maraming mga transaksiyones ng ating buhay, pang-araw-araw ay already online, gumagamit ng technology, kaya sabay itong tinatawag natin na blended learning. So, may face-to-face aspect at saka mayroon ding technological aspect, may online aspect, may mga printed material depende sa pangangailangan ng school.

So, iyon ang ating sitwasyon, hahabol tayo sa technology, hahabol din tayo sa ating history na kailangan babasahin ang mga printed materials, mga libro etc. Blended talaga ang approach na ginagawa natin. Thank you.

**USEC. IGNACIO:** Tanong nina Maricel Halili at Sheila Francisco ng TV 5. May reports daw po na ilang teachers ang nangungutang at gumagamit ng sariling pera para po ihanda at pagandahin ang mga classrooms sa face-to-face classes. Ano daw po ang tugon ng DepEd sa ganitong problema at ano daw po ang nangyari sa budget para dito?

**DEPED SEC. BRIONES:** Actually, ang mga Parent-Teachers Association at saka tayo mismo sa DepEd… masasabi iyan nang maliwanag ni USec. Ann – talagang mayroon naman tayong pondo para ma-upgrade iyong ating mga schools. Kasi, isa sa kondisyon natin, USec. Rocky, para sa pag-hold ng face-to-face ay iyong physical infrastructure na puwedeng mag-social distancing. Mayroong tubig at saka iyong mga bata ay hindi masyadong malapit sa isa't isa.

Kung mayroong nagsasabi na sila ay nangungutang, sabi namin ay isa-submit iyong mga resibo nila para sila ay ma-refund sa kanilang sinasabing personal na gastos. Ang PTA tumutulong, ang private sector tumutulong; napakaraming donations ang binibigay sa private sector, sa PTA para lamang maging handa iyong ating mga schools. So singilin nila, i-submit nila iyong kanilang gastos at tingnan natin kung anong magagawa natin. Thank you. Pero talagang pinaghahandaan iyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sa inaasahan pong pagbabalik din po ng face-to-face graduation rites, ano daw po ang mga patakaran ang mahigpit na ipatutupad ng DepEd kaugnay dito although sa June pa naman po? Napag-uusapan na po ba kung ilan ang papayagan sa venue at ano po iyong mga restrictions na kailangan pa ring ipatupad?

**DEPED SEC. BRIONES:** Last week during our last briefing dito rin sa Laging Handa, si Assistant Secretary Torio, in-explain niya na pinag-uusapan na iyong graduation. Kasi kung may klase na tayo, may face-to-face na tayo, ang susunod na tanong ay iyong graduation.

So, iyong standards na ini-impose natin, iyong expectations saka guidelines na ini-impose natin for face-to-face, ganoon din sa graduation. At saka mahalaga iyong pag-limit ng size ng participating audiences at saka magiging mas maingat tayo dahil mas maraming tao siguro at nakahanda na iyong mga guidelines. Ini-explain iyan ni ASec. Torio last week na kung you are

qualified to hold face-to-face, then maku-consider iyong face-to-face graduation as well. But, you know, we have to comply.

Ang talagang pinakaimportante sa amin iyong compliance ng requirements ng Department of Health dahil at the end of the day, ang binabantayan naman natin iyong kalusugan ng ating mga bata at mga teachers, at mga staff, as well as the parents. So, very possible iyong face-to-face graduation dahil may face-to-face tayong classes. Thank you.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Secretary, kumusta naman daw po ang naging pagsisimula kahapon ng Bida Kid Campaign? Paano ito inaasahan pong makakatulong sa ligtas na pagbabalik ng face-to-face classes sa mga bata?

**DEPED SEC. BRIONES:** Itong Bida campaign ay ginawa nating popular, ginawa nating (unclear), gumagamit tayo ng music, gumagamit tayo ng mga images but directed talaga ito sa mga bata, na ang mga bata ay bida sila.

Ang meaning ng bida is hero or heroine. 'Bida' din also means stories, so it's storytelling, it's heroism that part of (unclear), part of protecting not only yourself but also of your country, your classmates, your teachers is participating in the vaccination campaign.

Ang ating partner dito ay ang US Agency for International Development at tumutulong sila sa paggawa ng mga materials na hindi lamang mga memorandum circular na mahaba-haba iyong mga words na maraming colon, semicolon, question mark at malalalim na mga words… kung hindi awit ang ginagamit, sayaw ang ginagamit at images na masaya na nakakatuwa at feeling hero iyong mga bata mismo and it was very successful. Thank you, USec. Rocky, for that question.

**USEC. IGNACIO:** Opo. May tanong naman po iyong ating kasamahan na si Louisa Erispe ng PTV: Ilang eskuwelahan daw po ang ginamit bilang vaccination sites sa progressive expansion ng face-to-face classes? Puwede daw po bang manatili pa ring vaccination site ang isang school habang may in-person classes o dapat pong bigyang-daan muna ang face-to-face classes?

**DEPED SEC. BRIONES:** Ako, sa paningin ko, iyong vaccination sites should be separate from where the classes are being held dahil kailangan we have to make sure na iyong level of exposure will be minimized.

Ang suggestion natin isang activity lang ang gagawin natin related to health at hindi natin paghahaluin kasi may mga eskuwelahan tayo na ginagawa na health center din iyong eskuwelahan. At for us, that is also quite risky kasi kung may mga iba't ibang illnesses na dadalhin sa barrio health center halimbawa, eh mai-expose iyong mga bata.

So, gusto namin na… kaya nga mayroon tayong requirement na siguraduhin natin na iyong facilities mismo ng Department of Education ay really appropriate and responsive to the requirements also of the Department of Health.

Ako personal, bilang lola, ayaw kong ihalo-halo iyong iba't ibang klaseng activities like schools are also used as isolation center in some extreme cases. Sometimes they are also used as evacuation centers kung mayroong sakuna. Eh sabi namin huwag paghaluin, huwag i-expose iyong mga bata even as we are now holding face-to-face classes. Thank you, Rocky, for that question.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, panghuling mensahe na lang po. Paalala ulit sa ating mga kababayan partikular po sa mga magulang. Go ahead po, Secretary Briones.

**DEPED SEC. BRIONES:** Magandang balita naman hinggil sa vaccination at saka sa booster shots. Sa vaccination levels natin, napakataas more than 90% sa ating mga teachers, at saka iyong mga bata naman binu-volunteer ng kanilang mga parents even as right now hindi naman ginawa natin iyan na mandatory. Pero, iyong parents mismo ang nagri-request na ma-vaccinate iyong mga anak nila. So far, so good, pero gusto natin ipagpatuloy.

Ang isang area of concern na nakikita ko ay we want to convince the private schools who were hit by the downturn in the economy to join the movement towards booster shots, towards vaccination and so on, lahat ng mga protocols ng Department of Health dahil mas marami ang public schools ngayon na magpi-face-to-face kaysa iyong galing sa private schools. So kung anong tulong at advice na maibigay namin, we are very willing to give them more information so that they can participate in this great effort of ours. Thank you.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, paumanhin po pero may pahabol lang na tanong iyong kasamahan natin sa media para sa inyo. May tanong po si Jenna Balaoro ng GMA News. Reaksiyon po sa, "Dairy farmers opposed DepEd's sourcing of milk for its feeding program from multinational corporation"? Mawawalan daw po ng 250 million pesos sa dairy farmers. Sumulat na raw po sila kay Secretary Briones.

**DEPED SEC. BRIONES:** Hindi ko po natanggap iyong sulat na iyan but I am sure kinu-consider iyan sa ating Nutrition Council at right now alam na alam ito ni USec. Ann Sevilla, na kasama sa pag-feed ng mga bata ay ang milk products at milk itself. Dahil alam naman natin na it's a very rich source of nutrients for the children.

So, ang problema na iyan, iyong challenge na iyan ay aayusin natin. But as far as I know, kasama na ang milk, where it is available, para sa mga bata sa feeding program.

Ngayon, siguro si Usec. Anne, makadagdag ng kuwento dito sa issue [na] ito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Go ahead, Usec. Anne.

**DEPED USEC. SEVILLA:** There is a budget [unclear] for our school feeding program para po doon sa milk component pero iyong implementation po ay under sa office ni Usec. Alain Pascua. At ang alam po natin ay mayroon tayong memorandum of agreement with the Department of Agriculture and the Philippine Dairy Authority.

I am not sure about the claim about the multinational company, kasi wala po kaming existing na ganoong arrangement right now. So, maybe puwede rin pong ma-confirm ni Usec. Alain because wala po tayong existing ngayon na multinational ang nagiging source ng ating milk component.

Ang nakikita ko po sa mga papel na nasa-submit dito ay Department of Agriculture at Philippine Dairy Authority.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec. Alain?

**DEPED USEC. PASCUA:** Sa ngayon wala naman ho tayong kausap na multinational companies pagdating dito sa ating program on school-based feeding program.

Ang kausap po talaga natin dito ay ang National Dairy Authority through the Department of Agriculture sa pag-provide natin ng gatas para sa ating mga learners. Wala pong multinational company na kausap po ang DepEd at wala ring multinational company ang kausap ng iba't ibang mga divisions o mga regions at saka mga eskuwela.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Thank you, Usec. Alain.

Secretary Briones, paumanhin din po may pahabol pa pong tanong, from Jinky Baticados ng IBC-13: Paano po ang pagbibigay daw po ng grades sa mga bata if modular because the parents do not want them to be vaccinated?

Pareho lang po ba ang manner sa pag-evaluate sa mga bata na nagpi-face-to-face? Hindi po ba mas maganda kung may dalawang set of teachers, one for face-to-face and the other is blended so the teacher can focus on her teaching modality?

**DEPED SEC. BRIONES:** Maganda iyong tanong na iyan. Hinaharap iyan ngayon ng ating curriculum group na headed by Undersecretary Dads San Antonio. Kasi alam natin na iba iyong method ng pag-assess ng performance ng bata kung online o kung blended ba o whatever means, o face-to-face.

Kasi iyong uso na face-to-face hindi naman iyan complete way of assessing the performance of a student. Kasi sa online hindi naman nakikita ng teacher iyong bata. At saka there are also ways of determining, even before the pandemic, alam naman natin na there are ways of determining whether a child's performance is done by the yaya, by the lola, by the tutor or by the child itself.

Iyong mga teachers, experienced na experienced na diyan and they can immediately tell. So, iba iyong paraan, tama iyong tanong at saka iyong concern. We cannot grade children in the same way that they also grade children who are into other forms of learning deliveries. So, iyon ang dini-develop natin na iba't ibang paraan ng pag-determine if a child is ready to move on or has really absorbed the lessons or perhaps has been assisted by various groups.

There are schools also who have training programs for yayas to assist children, or for lolas or for mothers and at the same time there are also ways by which the teacher can determine whether the work that is being submitted is done by the pupil or not, ito ay mga teacher na eksperyensiyado.

Ako, I can tell sa aking pagtuturo kung ang ginawa ng isang bata ay orihinal ba o iba ang gumawa. Mahahalata naman iyan ng mga alerto na mga teachers natin.

Tama iyong suggestion, and we are already doing that.

Thank you, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, from Ina Hernando of Manila Bulletin. Pasensiya na po may pahabol pa rin po: Any update on the early registration? Do we have initial numbers of early registrants?

**DEPED SEC. BRIONES:** Siguro ang makasagot niyan ay ang mga Regional Directors, kasi sila naman ang in charge niyan at saka at the level of the Central Office. Pero iyong mga early registration ginagawa din natin iyan. We are trying to be as normal as possible but at the same time, we respond to unusual requirements and unusual circumstances.

Tanong iyan ng isang ina ‘no, na nagtatanong kung ano ba, magri-register na ba iyong anak ko? The earlier the better and decisions have to be made. Like ngayon, may mga choices na kasi ang parents, Usec. Rocky. Kung gusto nilang mag-participate ang isang bata sa face-to-face mayroon iyang mga cost implications. Mayroon iyang mga arrangements which have to be made, kung ihahatid o susundo, uniform, sapatos, baon. May mga considerations na ganiyan. And then kung blended naman, kung online naman, siyempre iyong mga digital toys.

So, these are decisions which parents have to make early enough so that they can make the appropriate – together with the child of course – decisions on how best to maximize learning at this particular time.

Salamat Ina, sa tanong mo.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat din po sa inyong panahon, Secretary Leonor Briones, Undersecretary Annalyn Sevilla, Undersecretary Alain Pascua at Assistant Secretary Malcom Garma mula po sa Department of Education. Maraming salamat po.

**DEPED SEC. BRIONES:** Maraming salamat din. This is an opportunity to keep in touch and to reach out to parents. This time, not only the parents and the teachers but the learners as well, so that they can help make the decisions on how they are going to learn. Thank you.

**USEC. IGNACIO:** Salamat din po.

Samantala, dumako naman po tayo sa mga balitang nakalap ng Philippine Broadcasting Service. Magbabalita si Czarinah Lusuegro. Czarinah?

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Czarinah Lusuegro ng PBS-Radyo Pilipinas.

Personal namang binisita ni Senator Bong Go ang nasa isanlibo at limang daan na mga residente sa Samal Island para bigyan ang mga ito ng ayuda. Muli ring nanawagan ang Senador sa mga eligible population na magpabakuna. Narito ang report:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Nag-iingat ang Department of Health ngayon sa mga pumapasok sa airport dahil sa ulat ng bagong COVID strain na Omicron XE. Para sa detalye, si John Aroa ng PTV-Cebu:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat po sa ating mga partner agency para sa kanilang suporta sa ating programa at maging ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

At dito na po nagtatapos ang ating programa sa araw na ito. Ako po si Usec. Rocky Ignacio, at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--
News and Information Bureau-Data Processing Center